BRITISH COLUMBIA
The Best Place on Earth

Ang aming Reperensiya: 128281

Mahal na Magulang:

Ang biyaya ng pagbabasa ay isa sa mga pinakamalaking regalo na maibibigay ninyo sa inyong anak. Maaaring pahusayin ng pagbabasa kasama ng mga bata ang kanilang pakikinig at pagbabasa, at maaaring bigyan sila nito ng kompiyansa at hikayatin sila nitong matuklasan ang mga bagong kaalaman sa pamamagitan ng nakasulat na salita. At ito'y nakalilibang!

Nag-uwi ng isang libro ang inyong anak: *The Aunts Come Marching*. Ito ay isang regalo mula sa Province of British Columbia sa lahat ng mga kindergarten na estudyante sa BC upang tulungan silang matutong magbasa.

Kamakailan lamang ay inanunsyo na ang *The Aunts Come Marching* ay tumanggap ng Time to Read: British Columbia Achievement Foundation Award para sa Early Literacy.

Sa pamamagitan ng librong ito, isinasama namin ang inyong pamilya sa pagsisikap ng British Columbia na lumikha ng isang henerasyon ng mga mahilig magbasa. Ang mga bata na may mga sariling libro at may mga pamilyang nagbabasa sa kanila ay kadalasang mas mabilis matuto.

Para sa karagdagang impormasyon kung paano matutulungan ang inyong anak na magbasa, mangyaring bisitahin ang website ng ReadNow BC (www.readnowbc.ca).

Hinihikayat ko kayong basahin ang *The Aunts Come Marching* kasama ng inyong anak. Bigyan ang inyong batang mag-aaral ng biyaya ng pagbabasa at mag-enjoy sa panahong magkasama kayo.

Shirley Bond

Sumasainyo,
Shirley Bond
Minister
Deputy Premier

Nakalakip

**Ministry of Education**

Office of the Minister
and Deputy Premier

Mailing Address:
PO Box 9045 Stn Prov Govt
Victoria BC V8W 9E2

Location:
Parliament Buildings
Victoria, BC